MGA MAPAGKUKUNAN NG CUSTOMER NG PSPS

Ang Southern California Edison ay nagbibigay ng mga programa at serbisyo upang tulungan ka bago, habang, at pagkatapos ng Public Safety Power Shutoff (PSPS). Para sa impormasyon tungkol sa PSPS, bisitahin ang sce.com/PSPS.

TULONG SA MGA PANGANGAILANGANG MEDIKAL

PROGRAMA NG MEDICAL BASELINE ALLOWANCE

Kung ikaw ay naka-enroll sa programang Medical Baseline Allowance (MBL), maaari kang makatanggap ng tulong upang makatulong na mabawi ang gastos sa pagpapatakbo ng mga kagamitang medikal. Sa panahon ng PSPS, maaari ka ring makatanggap ng personal na follow-up sa iyong tahanan kung hindi ka namin makontak sa pamamagitan ng email, text o voice call.

Kung hindi ka kwalipikado para sa programang MBL o naghihintay ng pag-apruba, kumpletuhin ang form ng self-certification upang makatanggap ng mga follow-up na abiso sa PSPS sa loob ng isang taon pagkatapos itong maproseso. Bisitahin ang cloud.sce.com/self-certify.

Matuto pa at mag-enroll sa: sce.com/MBL

Bisitahin ang aming sce.com/OutageMap para malaman kung nakatira ka sa lugar na mataas ang panganib ng sunog.

BACKUP NA KURYENTE

PORTABLE BACKUP BATTERY AT SOLAR PANEL PARA SA MGA CUSTOMER SA MGA LUGAR NA MAY MATAAS NA PANGANIB SA SUNOG

Ang programa sa Kritikal na Pangangalaga ng Backup na Baterya ay nagbibigay ng isang libreng portable backup na baterya para mapagana ang mga medikal na kagamitan sa panahon ng mga emerhensiya. Para maging kwalipikado, dapat ay naka-enroll ka sa programang MBL ng SCE at nakatira sa lugar na apektado ng PSPS.

Matuto pa sa: sce.com/CCBB

MGA REBATE

MGA REBATE SA PORTABLE POWER STATION AT GENERATOR PARA SA MGA CUSTOMER NA NAKATIRA SA MGA LUGAR NA NAAPEKTUHAN NG PSPS

Kung nakatira ka sa lugar na apektado ng PSPS, maaari kang maging kwalipikado para sa mga rebate upang makatulong na mabawasan ang gastos ng isang portable power station o portable generator. Kung ikaw ay naka-enroll sa California Alternate Rates for Energy (CARE), Family Electric Rate Assistance (FERA) o ang Medical Baseline Allowance na programa, ikaw ay maaaring makatanggap ng rebate sa mga kwalipikadong portable generator.

Matuto pa sa: marketplace.sce.com

Na-update: 08/07/2026

MGA MAPAGKUKUNAN

MGA SENTRO NA MAPAGKUKUNAN SA KOMUNIDAD (COMMUNITY RESOURCE CENTERS, CRC) AT MGA SASAKYAN NG TAUHAN NG KOMUNIDAD (COMMUNITY CREW VEHICLES, CCV)

Ang mga Community Resource Center (CRC) at mga lugar ng Community Crew Vehicle (CCV) ay sumusuporta sa iyo sa panahon ng PSPS at iba pang malalaking kaganapan para sa kaligtasan ng publiko. Makakakuha ka ng impormasyon, mga magaan na meryenda at mga resiliency kit, makakapag-charge ng iyong mga mobile device at portable na kagamitang medikal, at makakatanggap ng suporta sa wikang ginagamit. Mayroon ding karagdagang suporta na makukuha para sa mga customer na may mga kapansanan o iba pang pangangailangan sa pag-access at paggana.

Matuto pa: Ang mga lokasyon ng site ng CRC/CCV at oras ng pagpapatakbo ay nakalista sa sce.com/Outagemap

TULONG SA HOTEL

Available ang mga diskwento sa hotel para sa mga customer na apektado ng pinalawig na pagkawala ng kuryente. Bisitahin ang sce.com/OutageMap para maghanap ng mga lokal na kalahok na hotel.

Matuto pa sa: sce.com/hotel-discounts

MGA BANGKO NG PAGKAIN (FOOD BANK)

Nakikipagtulungan ang SCE sa mga regional food bank upang suportahan ka sa panahon ng isang PSPS, bisitahin ang sce.com/OutageMap upang makita ang mga kalahok na bangko ng pagkain (food bank) na malapit sa iyo.

MGA PROGRAMA NG SUPORTA PARA SA MGA CUSTOMER NA MAY MGA KAPANSANAN O IBA PANG MGA PANGANGAILANGAN SA PAG-ACCESS AT PAGGANAP

211

Nakikipagtulungan ang SCE sa 211 upang tulungan ka bago, habang, at pagkatapos ng isang PSPS. Sa panahon ng PSPS, ang 211 ay nagbibigay ng mga referral para sa pansamantalang akomodasyon, transportasyon at suporta sa pagkain. Maaari ka ring makatanggap ng edukasyon sa paghahanda para sa emerhensiya at tulong sa pagpapatala sa MBL.

Matuto pa: I-dial ang 211, I-text ang 'PREPARE' sa 211-211 o bisitahin ang 211.org

HUB NA MAPAGKUKUNAN NG AMERICAN SIGN LANGUAGE

Ang mga abiso at impormasyon tungkol sa kahandaan para sa PSPS ay makukuha sa mga format na madaling ma-access para sa mga taong Bulag, Mahina ang Paningin, Bingi, Hirap sa Pandinig o Bingi-Bulag.

Matuto pa sa: sce.com/ASL

PSPS AT IBA PANG MGA ABISO SA PAGKAWALA NG KURYENTE

I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at mga kagustuhan sa notipikasyon upang makatanggap ng mga alerto sa pamamagitan ng email, text o voice call. Mag-log in sa iyong SCE account sa sce.com/MyContacts. Available ang mga notipikasyon sa lahat ng laganap na wika at American Sign Language.

Ang mga tagapag-alaga at iba pa na walang SCE account ay maaaring mag-sign up para sa Address Alerts sa sce.com/PSPSAlerts.

Sa panahon ng PSPS, makakakuha ka ng detalyadong impormasyon tungkol sa pagkawala ng kuryente sa sce.com/OutageMap o sa MySCE mobile app sa sce.com/mobile-app.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa, serbisyo, at mapagkukunang magagamit ng mga customer na may mga kapansanan o iba pang pangangailangan sa pag-access at paggana, bisitahin ang sce.com/AFN.

Mensahe na binayaran ng mga nagbabayad ng singil.